# Modyul 17
# Pagsulat ng kathang-Buhay



## Tungkol saan ang Modyul na ito?

Ang pagbabasa ay napakahalagang libangan sapagkat bukod sa naaaliw ka, nararagdagan pa ang iyong kaalaman lalo na't ang binabasa mo ay may kinalaman sa buhay ng tao at ang mga taong ito ay kilala, may nagawang mabuti sa lipunan at totoo namang maaari mong gawing huwaran ng pagkatao at patnubay patungo sa matagumpay na kinabukasan.


Talagang iba ang reaksyon ng tao kapag kapwa na niya ang paksa ng usapan. Nariyang nasisiyahan ka, nalulungkot, nababahala at kung anu-ano pa na masasabing depende sa kaganapan ng buhay na inihahayag at iyan ang sentro ng modyul na ito. Mababasa mo rito ang tungkol sa buhay-buhay ng ilang mahahalagang tao na naging bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas, nagpamalas ng kabayanihan at katalinuhan at gumawa ng kabutihan sa sarili nilang kaparaanan para sa kanyang kapwa at bayan. Dahil dito, tuturuan ka ng modyul na ito na sumulat ng kathambuhay na totoo namang magpapahalaga sa mga taong ito.

Sa modyul na ito, mabibigyan ka ng kabatiran tungkol sa angkop na salita at bantas na kakailanganin mo sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing lilinang sa iyong kakayahang sumulat o bumuo ng komposisyon. Malay mo, balang araw, kilalanin ka sa larangan ng pagsulat at itong pagsulat ng kathambuhay ay panimula lamang kaya pagbutihan mo.Kung handa ka na, simulan mo na.



## Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang batayang kaalaman sa pagsulat ng kathambuhay.



## Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Mahalaga ang modyul na ito kaya nararapat lamang na maingat ka sa paggamit nito. Naririto ang mga tagubilin na dapat mong sundin:

1. Huwag mong susulatan ang bawat pahina nito kaya gumamit ka ng hiwalay na papel sa pagsagot sa iba't ibng gawaing inihanda para sa iyo.


2  Huwag mong lulukutin o sisirain ang bawat pahina nito.

3.  Sagutin mo ang mga gawain. Magsimula ka sa bahaging "Ano na ang alam mo?" Sa iyong pagsagot, unawain mong mabuti ang bawat panuto sapagkat iba't ibang  gawain ang sasagutin mo.

4. Pagkatapos mong sagutin ang bawat gawain, hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto**.** Kung mababa man ang iyong iskor, huwag kang mabahala. Tutulungan ka ng modyul na ito.

5. Pasusulatin ka ng isang halimbawa ng kathambuhay ngunit bago mo isagawa iyon, basahin mo at unawain ang mga impormasyong nakapaloob dito.

May tanong ka pa ba?  Kung wala na, simulan mo na.



## *IV. . Anu-ano na ba ang alam mo?*

Ang pagsusulit na ito ay sukatan ng kung ano na ang alam mo kaya huwag kang mag-alala kung ang iskor mo man ay mababa.  Handa ka na ba?  Magsimula ka na.

A. Panuto:  Kilalanin mo ang tinutukoy sa  Hanaya A.  Piliin mo sa  Hanay B ang sagot.

| HANAY    A | HANAY B |
|---|---|
| 1.  Ang pambansang bayani | a.  Emilio Jacinto |
| 2. Ang ama ng katipunan | b. Ramon Magsaysay |
| 3. Ang utak ng katipunan | c . Francisco Balagtas |
| 4. Ang utak ng Himagsikan | d . Andres Bonifacio |
| 5. Ang ama ngWikang Pambansa | e . Gloria Arroyo |
| 6. Ang Idolo ng Masa | f.   Ferdinand Marcos |
| 7. Ang ama ng Makata | g.  Corazon Aquino |
| 8. Ang kauna-unahang Pilipina na naging pangulo ng Pilipinas | h.  Manuel L. Quezon |
| 9. Ang Pangulo ng Pilipinas na tinaguriang "Ang Diktador" | i. Apolinario Mabini |
| 10. Ang kasalukuyang Pangulo ng Pilipinas | j. Jose Rizal |

B.  Panuto:  Basahin mong  mabuti ang kasunod na talataan.  Pagkatapos, punan mo ang sumusunod na tala.

Apolinario Mabini

Mula sa maralitang angkan sa nayon ng Talaga, Tanawan, Batangas, si Apolinario Mabini, ang dakilang  lumpo .Bata pa lamang siya ay ipinagkakapuri  na siya ng buong lalawigan ng Batangas sa kasipagan, pagkamatapat, at kasinupan sa buhay.  Ang kanyang angkan ay isang dukha lamang, subalit may taglay na gintong ugali sa Diyos at sa kapwa tao.

Mahilig mag-aral si Mabini kung kaya't siya'y maagang pinag-aral ng kanyang mga magulang.  Sa simula pa lamang ng kanyang pag-aaral ay kinamalasan na siya ng katalinuhan. Nagtapos siya ng elementarya sa mababang paaralan ng Tanawan at nagpatuloy siya ng kanyang

pag-aaral sa mataas na paaaralang pribado na pinamamahalaan ni Padre Malabanan. Nakatapos siya sa mataas na paaralan ng San Juan de Letran. Upang huwag maging sagwil ang kahirapan sa kanyang pag-aaral ay sinikap ni Mabini na mamasukan sa Maynila. Siya ay nakuha na maging isang guro sa isang pribadong paaralan. Muli niyang ipinagpatuloy ang pagsusunog ng kilay sa San Juan de Letran at nagtapos siya noong 1885 ng Batsilyer ng Sining. Sapagkat ang hilig ni Mabini ay maging isang manananggol ay nagsumikap siyang ipagpatuloy ang pag-aaral sa pamantasan ng Sto. Tomas. Maraming hirap ang tiniis niya bago siya maluwalhating nakatapos at naging isang ganap na manananggol.

Sa panahon ng kanyang pagsasanay bilang isang manananggol, siya ay dinapuan ng sakit na pagkamatay ng katawan. Siya ay naging isang paralitiko ngunit ito ay hindi naging sagabal upang maipadama at maipakita niya ang maalab na pagmamahal sa Inang-bayan

Nang magsimula ang himagsikang Pilipino at kastila, dinakip siya ng mga kastila at ibinilanggo sa pagiging maka-Bonifacio subalit noong Hunyo 1897. Si Mabini ay pinawalan. Nang ang Republika ng Pilipinas aynaitatag sa pamumuno ni Emilio Aguinaldo , siya ay ginawang kanang kamay ng Heneral. Sinimulan niya nag pagtatag sa bayan-bayan at lalawigan ng hukumang pamayapa at nga alagad ng batas. Siya ang pangunahing katulong sa pagbabalangkas ng Saligang Batas ng Malolos kung kayat si Mabini ay tinaguriang "Utak ng Himagsikan" Sa panahon ng himagsikang Pilipino at Amerikano ay muli siyang hinuli ng mga Amerikano at ibinilanggo hanggang Styembre 1900.

Tunay isang pambansang dambana ng kabayanihan ang buhay na ito ng ating bayani sapagkat sa kanyang panahon, sumulat siya ng mga akdang pambayan tulad ng "Ang Himagsikang Pilipino:, :El Verdadero Decalogo"(Ang Tunay na Sampung Utos), "Sa Bayang Pilipino" at marami pang iba kaya hanggang sa kasalukuyan ang kanyang alaala ay patuloy na dinadakila ng sambayanang Pilipino.

Hango sa Panitikang Pilipino ni Ongoco

Kung tapos mo nang basahin ang talataan, sagutin mo na ang gawain sa ibaba.

Pangalan: ___________________________________________
Pangunahing katangian :_____________________________
Hanapbuhay :_________________________________________
kalagayan sa Buhay: __________________________________
Pakikipagtunggali :____________________________________
Mga magagandang akda:_______________________________

C. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang salitang pupuno sa patlang upang mabuo ang kaisipan.

Ang kathambuhay ay ______1______ tungkol sa _____2_____ ng ________3_______. Ito ay ______4___________ ng _______5_________ ngunit ang ______6_______ nga lamang, higit na ______7_________ ang _______8___________ na ginagawa ng ______9_______ ng _____10__________.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| sumulat | katulad | kathambuhay | paglalahad | katha |
| buhay | tao | kaibahan | malalim | talambuhay |

D. Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Nagiging makabuluhan ang kathambuhay kung ___________.
   a. sariling-buhay ang inilalahad
   b. maayos ang pagkakalahad nito.
   c. nagtiis at nagtagumpay ang tinutukoy.
   d. buhay ng mga mayayaman ang paksa nito.

2. Karaniwang paksa sa kathambuhay ang mga bayani sapagkat __________.
   a. patay na sila
   b. kilala sila sa lipuann.
   c. maraming mailalahad tungkol sa kanila
   d. iyon ang hinihingi ng pagkakataon.

3. Ang buhay ng mga bayani ay ______.
   a. kalunus-lunos
   b. kapupulutan ng aral
   c. nasa lahat ng aklat
   d. alam ng lahat ng estudyante

4-5. Upang m,akakuha ng impormasyon, dapat na ______.
   a. magbasa at magsalikisik
   b. makinig sa nakaaalam
   c. manood ng pelikula
   d. makipagkwentuhan sa kamag-aral
   e. sumama sa mga matatanda

E. Panuto: Ayusin mo ang talataan ayon sa pagkakasunud-sunod.

Si Emilio Jacinto

. Maagang yamao ang kanyang ama. Siya ay kinupkop ng isang kamag-anak na tumustos sa kanyang pag-aaral sa San Juan de Letran at sa Santo Tomas, na pinagtapusan niya ng abogasiya.

Ang mga aklat na kanyang binasa at ang mga pang-aaping tinamo niya sa kamay ng mga kamag-aral na kastila ang siyang nagbunsod sa kanya upang sumapi sa katipunan

nang siya ay nasa ikalawang antas ng abogasya, sa kabila ng pagtutol ng kanyang amain sa dahilang siya ang tanging pag-asa ng kanyang ina.

Iyan si Emilio Jacinto na isinilang noong ika-15 ng Disyembre, 1875, sa Troso, Maynila na nagpakilala rin ng pagiging makabayan noong kanyang panahon..

Dito ipinakilala ni Jacinto ang kanyang mataos na pagmamahal sa bayan at winika niya::Walang lalaki maliban sa isang duwag ang makatatagal na pagmasdan ang unti-unting pagkamatay ng kanyang lupang sinilangan. Ang isang tunay na lalaki ay dapat na maging handa na ipagpakasakit ang kanyang tahanan, ang kanyang pag-ibig, ang kanyang upang maghandog ng paglilingkod."

. Sa Unibersidad ng Santo Tomas ay naging kamag-aral niya sina Don Juan Sumulong at Presidente Manuel L. Quezon. Dito ay ipinamalas ang kanyang pambihirang katalinuhan na siyang kasiyahan ng kanyang mga guro at pagkainggit ng kanyang mga kamag-aral. Ang kasipagan niya sa kanyang pag-aaral ay maihahambing sa kanyang pagpupunyagi. Samantalang ang mga mamamayan sa Maynila ay nahihimbing sa kani-kanilang himlayan.

Si Emilio Jacinto ay patuloy pa rin sa pagsasaliksik sa makakapal na aklat na nauukol sa mga kasaysayan at kung siya ay buhay pa sa ngayon, marahil ibayong pagmamalasakit ang ipakikita niya sa Inang- bayan.

Hango sa Panitikang Pilipino ni Ongoco

Nahirapan ka ba? Hwag kang mabahala. Tulad ng nasabi kanina, inaalam lang nito kung ano na ang alam mo. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

# V. Sub-aralin 1: Ang Pagkilala sa Kathambuhay

## A. Anu-ano ang tiyak na matutunan mo?

.

1. Nakikilala at nailalahad ang mga tiyak na impormasyon hinggil sa kathambuhay
2. Naiisa-isa ang mga katangiang dapat taglayin ng isang makabuluhang kathambuhay
3. Nakapagsusuri at naisusulat ang mahahalagang impormasyong dapat taglayin ng isang kathambuhay

## B. Mga Gawain sa Pagkatuto:

### 1. Alamin mo

Bilugan mo sa loob ng kahon ang pangalan ng mga kilalang tao.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| J | O | S | E | P | H | E | S | T | R | A | D | A | A | N |
| A | O | T | A | N | D | A | N | G | S | O | R | A | B | I |
| C | C | S | D | E | F | G | H | I | J | L | K | L | M | N |
| I | N | O | P | Q | R | S | T | V | M | I | S | O | O | O |
| N | R | E | H | R | A | M | O | S | A | O | L | Z | O | Y |
| T | B | A | Y | I | I | L | H | F | C | F | E | Y | M | A |
| O | M | T | Y | N | M | J | K | R | D | U | L | A | F | Q |
| G | G | G | H | J | K | H | A | L | Q | L | E | O | E | U |
| I | M | E | L | D | A | M | O | L | M | A | B | I | N | I |
| Y | F | B | A | L | A | G | T | A | S | K | E | K | U | N |
| Y | T | U | W | Y | Y | B | O | N | I | F | A | C | I | O |
| C | O | R | A | Z | O | N | A | Q | U | I | N | O | O | I |
| F | E | R | N | A | N | D | O | P | O | E | J | R | E | F |

Nadalian ka ba? upang malaman mo kung tama ang iyong sagot, kunin mo na sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

## 2. Linangin mo:

Panuto; Basahin at unawain ang kasunod na impormasyon.

Ang kathambuhay ay katha tungkol sa buhay ng tao. Maaaring maitulad ito sa talambuhay ngunit itong kathambuhay ay higit na malalim ang paraan ng paglalahad, pili ang mga salitang ginagamit at pili rin ang taong pinapaksa nito.

Upang maging makabuluhan ang isang kathambuhay, dapat na pili ang taong isusulat ng kathambuhay lalo na kung ito ay tungkol sa taong dumanas ng maraming pakikipagsapalaran at nagwakas sa pagtatagumpay. Maaring ito ay dakilang tao tulad ng mga bayani na totoo namang kalimitan ay nagiging paksain ng kathambuahy dahil sa maraming makukulay at magagandang pangyayari sa buhay nila. Marami silang paniniwala at prinsipyo sa buhay na maaaring gawing gabay ng mga mambabasa na kapupulutan ng aral.

## 3. Gamitin mo:

**Gawain 1.** Basahin ang kasunod na talataan.
Batay rito, isulat ang angkop na sagot sa bawat hanay.

# Francisco Baltazar

Kinilala siya ng madla sa tawag na kikong Balagtas nang kanyang katanyagan sa pagka-makata.

Kumita siya ng unang liwanag sa Panginay, Bigaa, Bulakan kung saan ang kanyang ama ay panday ng nayon na dinarayo ng mga kanayon halos gabi-gabi at nagtatalakayan hinggil sa mga bagay-bagay kaugnay ng buhay ng mga Pilipino at ang mga bagay na naririnig niya ang kinapulutan niya ng aral at pagkaunawa sa suliraning pambansa at nagbukas sa kanyang isipan sa mga kaganapan nang panahong yaon..

Siya ay si Francisco Baltazar na matapos na mag-aral ng Katon at Katisismo ng Doktrina Kristyana ay naglingkod sa bahay ng isang kamag-anak sa Tundo, Maynila. Dahil sa kanyang sipag at sikap na ipinakita, pinag-aral siya ng kanyang panginoong sa Colegio de San Jose. Pagkatapos , nag-aral din siya sa Colegio de San Juan de Letran.

Nang manirahan si Balagtas sa Pandacan, nakilala niya ang isang dalagang ngngangalang Magdalena Ana Ramos at nagbunsod upang lumikha ng sarili niyang tula nang siya ay binigo ni Jose dela Cruz na tinatawag na Huseng Sisiw at bantog na guro ng mga makata, na siya ay igawa ng tala para sa kanyang nililigawan.

Hindi naglaon, nagningning ang pangalan ni Kiko Balagtas sa langit-langitan ng Panulaang Tagalog at mahigitan niya si Huseng Sisiw. Lalo pa itong napatanyag nang siya ay mapalipat ng tirahan sa arabal ng Pandahan kung saan nakilala niya si Maria Asuncion Rivera na siyang Selyang tinutukoy ni Balagtas sa kanyang Florante at Laura.

Sa kanyang panliligaw kay Maria Asuncion, mayroon ding masugid na manliligaw ang dalaga, si Nanong Kapule. Dahil sa kapangyarihan nito, nagawan niya ng paraan na mahatulan at mabilanggo ang makata. Bilang pagsunod sa magulang, ang dalaga naman ay napakasal na kay Nanong Kapule.

Sa loob ng bilangguan, sumulong ang Florante at Laura at sa kanyang paglaya, nanirahan siya sa Udyong Bataan kung saan nakilala niya si Juana Tiambeng at ito ang kanyang napangasawa. Nagkaroon sila ng 11 anak. Sapagkat anak – mayaman ang babae, humawak siya ng iba't ibang matataas na tungkulin sa pamahalaan, ngunit muli siyang nahuli nang di umano'y pinutol niya ang buhok ng isang alilang babae ng isang mayaman.

Muli siyang nakalaya nang hikahos sa buhay kaya nagpatuloy siya sa pagkatha ng mga moro-moro upang maitawid-gutom ang kanyang pamilya.

Yumao si Francisco Balagtas nang nagdadalamhati bunga ng masasaklap na karanasang dinanas niya ngunit sa pagyao niyang ito, nananatili pa rin siya sa puso ng bawat Pilipino at ang kanyang mga akda ay patuloy na pinahahalagahan.

Tapos mo na bang basahin ang akda? Kung gayon, ipagpatuloy mo na ang gawaing inihanda para sa iyo. Batay sa nabasa mo, gawin mo na ang talahanayan.

| Alam na | Nalaman | Nais na malaman |
|---|---|---|
| | | |

| | | |
|---|---|---|
| | | |

Kung tapos mo nang gawin ang talahanayan, hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Pagkatapos, gawin mo ang kasunod na gawain.

**Gawain 2:** Mula sa kathambuhay ni Fancisco Balagtas, na nasa Gawain 1, isulat mo ang hinihingi sa bawat hanay.

| Impormasyong Mahalaga | Hindi Gaanong Mahalaga | Hindi Dapat isama |
|---|---|---|
| | | |

Ano ang masasabi mo sa gawain? Madali lang hindi ba? Tingnan natin kung tama ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**Gawain 3.** Batay pa rin sa kathambuhay ni Francisco Balagtas., Bumuo ka ng sarili mong pagtatalata batay sa mga sumusunod.

a. Tungkol sa kanyang kapanganakan:

______________________________________________________________________________
_________________________________________________________________

b. Tungkol sa kanyang pagpapaalila:

______________________________________________________________________________
_________________________________________________________________

c. Tungkol sa kanyang pagbibinata:

______________________________________________________________________________
_________________________________________________________________

d.Tungkol sa kanyang pagkabilanggo:

______________________________________________________________________________
_________________________________________________________________

e. Tungkol sa kanyang Florante at Laura:

______________________________________________________________________________
________________________________________________________________

Isang madaling gawain ang natapos dahil ito ay hango sa iyong binasa kaya kunin mo na sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**4. Lagumin mo.**

Punan mo ng angkop na sagot ang mga patlang.

Mahalaga ang __________ sapagkat nagbibigay ito ng ______________ tungkol sa mahahalagang _____________ na ang _____________ ay naging ________________ dumanas ng maraming _______________ at ______________. Dahil sa pinaghandaang buhay ng mga taong ito, nag-iwan sila ng makabuluhang _______________at _____________ sa _________________.

Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Marahil, maliwanag sa sa iyo ang kaalaman tungkol sa kathambuhay. Tingnan mo kung makakaya mo ang kasunod na pagsubok.

**5. Subukin mo:**

Basahin mo ang kasunod na talataan. Pagkatapos, batay dito, bumuo ka ng kathambuhay nang hindi mo kinokopya ang orihinal.

Andres Bonifacio

Ang panahong ng paghihimagsik ay nagdulot ng kapakinabangan sa larangan ng panitikang Pilipino. Nangagsisulat ukol sa bayan sina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, Antonio Luna, Apolinario Mabini, Mariano Ponce, Jose Maria Panganiban at marami pang iba. Sa pamamagitan nila, nakilala at nadama ng sambayanang Pilipino ang kanilang kaapihan. Ang tinig ng paghihimagsik at kabayanihan ay nag-anyaya sa maraming anak ng bayan. Sa panahong ito, sapagkat may digmaan, ito ang unang hinarap ng tao, ay kakaunti ang mga akda. Ngunit mga dakilang akda ang nasulat sa panahong ito ng kabayanihan na naging makasaysayan sa panitikang Pilipino. Ang isang sangay ng panitikan noon. na hindi gaanong naisasama sa mga ganitong aklat dahil sa kakapusan ng mga ulat ay ang mga awiting-bayan na nakatulong sa pag-aalab ng kagitingan di lamang ng mga nagkawal o naghimagsik kundi gayundin ang sambayanang nangailangan din ng giting at pagkabayani sa panahong iyon ng ating kasaysayan

Si Andres Bonifacio ay bunga ng pag-ibig ng mag-asawang dukha; sumilang sa isang pook na dukha sa Tondo, Maynila, noong ika-3 ng Nobyembre, 1863. ang karalitaan ng kanilang pamila'y hidni nagpahintulot kay Andres Bonifacio upang makaakyat siya ng mataas sa pag-aaral. Natapos lamang niya ang mga unang titik ng abakada sa isang paaralan sa Meisik. Bunga nito, siya'y masikhay na gumawa ng mga paraan upang mapabuti ang kanyang kalagayan. Lalong bumigat ang daigdig na pinapasan ni Andres Bonifacio nang maulila siya sa kanyang ama't ina , sa gulang na labing-apat na taon lamang. At sa kanyang pananagutan naiwan ang dalawang batang kapatid na lalaki at isang babae. Wala siyang matakbuhang mga kamag-anak upang tumulong sakanilang pagdaralita sapagkat ang mga iyon ay mahirap din kagaya niya.

Kaya’t walang nagawa ang batang si Andres Bonifacio kundi harapin ang pakikibaka sa buahy. Hindi siya natakot sa paggawa bagkus ipinagkapuri niyang gumawa siya ng mga tungkod na kahoy at mga abanikong papel sa ganitong paraa’y siyang pag-agdong buhay nila ng kaniyang mga kapatid. siya’y naging mensahero rin, at naging kargador sa ilang bahay kalakal.

Ang mababang napag-aralan ni Andres Bonifacio sa loob ng paarlan ay dinagdagan niya’t piñatas sa pamamagitan ng walang puknat na pagbabasa ng mabuting aklat na tumutugon sa kanyang hilig at panlasa. Napabuti niya ang kanyang kaalaman sa wikang kastila. Binasa niya ang Noli at ang Fili ni dr. Jose Rizal na kanyang idolo. Sumakamay din niya’y pinag-ukulan ng matamang pagdidili-dili ang mga Buhay ng mga Naging Pangulo ng Estados Unidos. Sa huling aklat na ito’y nabasa niya ang mga buhay nina Andrew Jackson., Abraham Lincoln at iba pang mahihirap na nahalal sa panguluhan ng Estados Unidos. Nabasa rin ni Bonifacio ang Los Miserables, isang nobelang Pranses ni Victor Hugo. Binuksan sa kanyang isip ang malungkot na larawan ng mga taong dukha sa Pransya. Sinumpa’t kinasuklaman ng maliit na ito ang mga pamilyang nangaghahari’t sumisiil sa mahihirap. Sila’y mga dukha at laging napaggugutom. Hindi bibigyan ng pagkakataong matamasa nila ang ilang kagandahang inilaaan ng Diyos para sa lahat ng kanyang mag nilikha, at dahil sa kaalipinang itong sumuko na sa sukdulan ang mga Pranses na mga maralita’y nagbangon, naghimagsik at ibinagsak ang pamahalaang hindi tumutugon sa pangangailangn ng mga mamamayan. At kinamit nila ang pagkakapantay-pantay at ang kalayaan.

Ngunit si Bonifacio ay di kinasilan ng kapalaran. Naging mahina siyang heneral sa labanan. Di tulad ni Aguinaldo na naging mapagtagumpay sa pamumuno/ naging isang trahedya ang wkas ng buhay ni Bonifacio.

Si Bonifacio ay namatay noong Mayo 10, 1897, sa Bundok Buntis ng Marogundon, Kabite, sa kamay ng mga kasama rin niya sa himagsikan, upang pagkatapos ay mabuhay ang kanyang pangalan nang habang panahon bilang bayani ng lahi.

Bilang pagdakila’t pagluwalhato kay Andres Bonifacio at sa kanyang mga kasama ay isang bantayog ang itinayo sa kanyang karangalan sa Grace Park, Siyudad ng Kalookan sa pook na malapit sa pinagsimulan ng himagsikan noong gabi ng Agosto 26, 1896, nang punitin nila ang kanilang sedula personal na sagisag ng pang-aalipin ng mga kastila at kanilang isigaw ang mga katagang”Mabuhay ang Republika ng Pilipinas.” .

Hango sa Panitikang Pilipino ni Ongoco

**6. Paunlarin mo:**

Ayusin mo ang mga salita sa loob ng kahon upang mabuo mo ang kaisipan nito.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| buhay | paglalahad | nagtiis | nagsikap | tao |
| kathambuhay | tagumpay | gintong-aral | huwaran | iba |

Maaari mo nang hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Salamat at tapos mo na ang aralin ito ito. Lalo pang lalawak ang iyong kaalaman sa susunod na sub-aralin kaya ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

# VII.Sub-aralin 2: Sa Pagbuo ng Kathambuhay

## A. Anu-ano ang mga tiyak na natututunan mo

1. nagagamit ang wika sa paglalahad ng mga tiyak na impormasyong nabasa
2. nakabubuo ng magkakaugnay na kaisipan
3. nagagamit ang angkop na bantas, ang paggamit nag malaking letra sa pagbuo ng kathambuhay.
4. nasusunod ang mga tiyak na pamantayan sa pagsulat

## \B. Mga Gawain sa Pagkatuto:

### 1. Alamin mo

Panuto: Kilalanin mo ang mga bayaning nasa larawan. Pagkatapos isulat sa hanay ang hinihinging imporamsyon tungkol sa kanila.



| Pangalan | Paano sila nakilala | Mahalagang kontribusyon sa bansa |
|---|---|---|
| | | |

Madali lamang ang gawain, hindi ba? Tiyak makakaya mo ang mga susunod pang gawain kaya ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

## 2. Linangin mo

Basahin at unawain mo ang kasunod na imporamsyon.

Tiyak na Pamantayan sa Pagsulat ng Kathambuhay.

1. Upang maging malaman ang kathambuhay, nararapat na magsaliksik at magbasa ka.
2. Kumuha ng iba't ibang imporamsyon mula sa iba't ibang aklat o magasin, maaaring narinig o natutuhan sa klase.
3. Hindi mahalaga ang haba o iksi ng kathambuhay, ang mahalaga, tiyak at tama ang impormasyon.
4. Iwasan ang paliguy-ligoy na paglalahad.
5. Isaalang-alng din ang wastong gamit ng salita, wastong baybay, pati ang paggamit ng malaki at maliit na letra.
6. Higit sa lahat, sumulat nag malinaw at malinis.

Wastong gamit ng Malaking Letra.

1. Pangngalang Pantangi. (tao, pook, bagay, pangyayari)
   Halimbawa: Francisco Balagtas, Luneta, Panahon ng Himagsikan
2. Simula ng Pangungusap
   Halimbawa: Kumita siya ng unang liwanag sa Tanawan, Balagtas
3. Mahahalagang salita sa pamagat
   Halimbawa : Florante at Laura
4. Katawagan o taguring nagtatangi
   Halimbawa: Dr. Jose P. Rizal
   Ate Belen
   Kgg. Lito Atienza

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Tingnan nga natin kung masasagutan mo ang mga gawaing inihanda para sa iyo.Simulan mo na.

## 3. Gamitin mo:

Gawain 1: Pag-ugnayin mo ang Hanay A at Hanay B upang mabuo ang kaisipan.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1 Kahit na dalawampung taon lamang nang sinulat ang "Banaag at Sikat. | a. si Lope K. Santos naman ang siya Ama ng Balarila |
| 2.Sa lahat ng kanyang mga naging ambag, | b. na siya ang pinaka"Apo ng lahat ng mga mananagalog |
| 3. Kung si Manuel L. Quezon ay Ama ng Wikang Pambansa | c. ang "Puso't Diwa", mga "Hamak na Dakila" at "Sino ka? Ako'y si . . . |
| 4. Tatlo ang tinipong aklat | |
| 5. Si Lope K. Santos ay ipinalalagay ngayon | |


d. itinuring itong obra-maestra
e. walang pag-aalinlangang pinakatampok siya sa kanyang panahon.

Ngayong tapos ka na, maaari mo nang kunin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

Madali langhindi ba ? . Subukin mo naman ang susunod na gawain kung masasagutan mo.

## Gawain 2:

Muli mong basahin ang mga pahayag sa Gawain 1. Ayusin ang mga ito ayon sa pagkakasunud-sunod sa tulong ng ladder sa ibaba.




Tingnan mong muli kung tama ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**Gawain 3:**

Pag-aralan mo ang kathambuhay. Lagyan mo ng angkop na bantas at isaalang-alang ang paggamit ng malaking letra.Gumamit ka ng hiwalay na papel sa pagsagot.

andres bonifacio

andres bonifacio ang pangalang nakatatak na sa puso ng bawat Pilipino siya ang tagapagtatag ng katipunan.

ang bayaning ito ay nanggagaling sa maralitang angkan maaga siyang naulila sa mga magulang kaya naiwan sa kanya ang pangangalaga ng kanyang mga kapatid naranasan niyang pasukin ang iba't ibang hanapbuhay kaya di siya nakaakyat sa mataas na paaralan.

sa sariling pagsisikap napalawak niya ang kanyang kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa Binasa niya ang talambuhay ng mga naging pangulo ng estados unidos ikaw kaya mo bang tularan si Andres bonifacio

Kung tapos ka na, hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.Pagkatapos, gawin mo ang kasunod na gawain .

## 4. Lagumin mo:

**Gawain 1:**

Punan mo ng angkop na sagot ang mga patlang. Piliin mo sa ibaba ang wastong sagot.

Mahalaga ang ___1_____ sa ______2_______ ng _______3___________ upang maging ____4_______ ito, punung-puno ng mga _________5_____ dapat taglayin na _______6____ sa _______7______. Iba nga ito sapagkat __8___________ ang pagtalakay nito sa mga ____9_____ , pinagdaanan sapagkat sa matamo ang _____10______.

tagumpay pananaliksik karanasan nalaman malalim

impormasyon talambuhay ikinaiba kathambuhay pagsulat

**Gawain 2:** Piliin ang mga salitang dapat na nakasulat sa malaking letra.Gumamit ka ng hiwalay na papel na gagamitin mong sagutan.

1. si apolinario mabini ang pinakakanang kamay ni heneral Emilio aguinaldo.
2. “dakilang lumpo” at utak ng himagsikan ang naging taguri sa kanya.
3. marami siyang naisulat na akda sa wikang kastila at ingles.
4. ang pinakamalapit na pampanitikang sinulat niya ay ang “el verdadero decalogo” o sa tagalong ay “ ang tunay na sampung otos.
5. noong siya ay ipinatapon sa guam ng mga amerikano, pinaglibangan niyang sulatin sa makabagong baybay ang “florante at laura” ni francisco balagtas.

Tapos ka na ba sa pagsagot? Kung gayon, hingin mo na sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung mataas ang iskor mo, ang galing mo! Subukin mo namang sagutin ang kasunod na pagsubok.

5. Subukin mo:

Mula sa kasunod na kathambuhay, bumuo ng sariling kathambuhay nang di mo kinokopya ang orihinal nito.

Manuel Luis Quezon

Si Manuel L. Quezon, ang Unang Pangulo ng Commonwealth ay nagpamalas ng di matatawarang paglilingkod sa bayan.

Sa edad na lima, nalaman na niya ang wikang Kastila at katesismo na itinuro ng kanyang ina. Sa edad na siyam, namasukan siyang katulong sa isang prayleng Pransiskano na si Rev. Fr. Teodoro Fernandez sapagkat di sapat ang perang pinadadala ng kanyang nanay nang nasa Colegio de San Juan de Letran siya. Ang paring ito ang nagturo sa kanya ng Latin, sa relihiyon, gramatika at kasaysayan.Nabalam lamang ang kanyang pag-aaral nang sumiklab ang

rebolusyong Pilipino-Kastila. Sumapi siya sa himagsikan ngunit nagpatuloy sa pag-aaral nang matapos ang digmaan.

Humawak siya ng iba't ibang posisyon sa pamahalaan tulad ng pagiging piskal, pagkatapos ay gobernador. Nahirang din siyang Minority Floor Leader ng Phil. Assembly at naging Resident Commissioner ng Estados Unidos. Naging kagawad din siya ng Batasan ng Amerika.

Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung maayos mong naisagawa ang gawaing ito, magpatuloy ka sa kasunod na Modyul, kung hindi, sagutin mo ang kasunod na gawain.

**Paunlarin mo:**

Mula sa Subukin Mo, bumuo ka ng mainam na simula at wakas.

. Ang susunod na sub-aralin ay susukat sa iyong kakayahang magsulat ng kathambuhay kaya simulan mo na ang pagbabasa.

# VIII. Sub-aralin 3: Pagsulat ng Kathambuhay

## A. Anu-ano na ang tiyak na natututuhan mo?

1. nailalahad ang mga tiyak na pamantayan sa pagsulat
2. naipalilliwanag ang pagbubuo ng magkakaugnay na kaisipan
3. . nakasusulat ng isang kathambuhay batay sa tiyak na katangian nito.

## B. Mga Gawain sa Pagkatuto:

### 1. Alamin mo:

Panuto: Buuin mo ang salitang nasa loob ng kahon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na nasa ibaba.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | 1 | | | | | | |
| | 2 | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | 3 | | | | | | |
| | | | 4 | | | | | | | | | |
| | 5 | | | | | | | | | | | |
| | | 6 | | | | | | | | | | |
| | | | | | | B | | | | | | |
| | 7 | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | 8 | | | | | | |
| | | | | | | 9 | | | | | | |
| | | 10 | | | | | | | | | | |

1. kasingkahulugan ng salaysay
2. Ang gunita
3. listahan
4. kapalaran
5. mga naganap sa buhay ng tao
6. pagkakamit ng mga nais sa buhay
7. ang pinaghahandaan ng tao
8. isang tunggali
9. lahi
10. taglay ng tao

## 2. Linangin mo:

Basahing mabuti ang kasunod na talataan.

> Tulad ng karaniwang komposisyon, ang kathambuhay ay binubuo ng tatlong bahagi, ang simula na nararapat na nakapupukaw sa kawilihan ng mambabasa, ang paglalahad ng mga detalye at kawili-wiling wakas .

Ilang mungkahing paraan ng pagsisimula sa kathambuhay:

1. nagsisimula sa katanungan tungkol sa paksa ng kathambuhay.
2. isang sipi ng salawaikain, pahayag o simulain ng taong paksa ng kathambuhay.
3. isang makatawag-pansing pangungusap.
4. isang simpleng tugmaan
5. isang sipi ng tula, awit, pahayag o kaisipan

Ilang mungkahing paraan ng pagwawakas sa isang kathambuhay:

1. maaaring mag-iwan ng katanungang angkop sa paksa
2. bumuo ng kaisipang iiwan sa mambabasa
3. isang sipi ng salawikain na angkop sa paksa ng kathambuhay
4. pag-iiwan ng isang pagpapasya
5. pag-uulit ng isang pahayag o prinsipyo ng taong paksa ng kathambuhay

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Kung naunawaan mo, ipagpatuloy mo ang pagbabasa at sagutin mo ang kasunod na gawain.

**Gawain 1:** Basahin mo ang kathambuhay ni _dating Pangulong Corazon Aquino. Baguhin mo ang simula at wakas nito nang hindi nawawala ang mahalagang impormasyon.

Corazon Aquino

Si Gng. Corazon Aquino ang kauna-unahang pangulong babae ng Republika ng Pilipinas.Masasabing naugnay siya sa pulitika dahil na rin sa kanyang asawa, ang kilalang si Senador Benigno "Ninoy" Aquino na pinaslang dahil na rin sa pulitika..

Nang ideklara ang Martial Law noong 1972 ni Pres. Marcos ay ipinadakip si Benigno Aquino Jr. o "Ninoy" at sinampahan ng kaso. Nagkasakit si Ninoy at ipinagamot sa Amerika. Nang magbalik si Ninoy sa Pilipinas noong 21 Agosto 1983, ay pinatay ito. At dito nagsimula ang buhay ni Corazon sa politika, na naging kilala sa tawag na "Cory"

Noong Pebrero 7, 1986, naganap ang isang Snap Election at idineklara ng Namfrel (National Movement For Free Election) ; isang Civic Organization na nagwagi sa pagkapresidente si Gng. Corazon Aquino, habang ang comelec naman ay idineklaranng panalo si Pres. Marcos. .

Nagsimula ang EDSA Revolution o People's Power, isang tahimik na rebolusyon, na nagtulak kay Presidente Marcos na lumisan kasama ang iba pa, at naiwan kay Presidente Corazon Aquino ang pamahalaan. Nakatuwang niya ang kanyang Bise-Presidente na si Salvador Laurel.

Tulad ni Pres. Magsaysay ,binuksan ni Pres. Aquino ang Malacañang sa taong bayan at sa kanyang panunungkulan, ipinaglaban niya ang demokrasya. Siya ang unang presidente na hindi naghangad ng re-eleksyon.

Bumaba siya sa pagkapangulo ng taong 1992 at nagpatuloy na naglingkod sa bayan kahit wala na siya sa pulitika.

Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto nang malaman mo kung tama ang iyong ginawa.

**Gawain 2:** Isulat mo nang wasto ang talataan.

kaibigan siya ni Gregorio del Pilar na naging pinakabatang heneral sa hukbong manghihimagsik. Siya ay si Jose Palma ang nagsulat ng mga titik ng pambansang awit ng Pilipinas. bukod sa pagiging makata, kilala rin siya bilang nobelista. ginugol niya ang kanyang panahon sa paglilibang ng mga sundalo sa pamamagitan ng kanyang mag tula at awitin namatay siya noong ika-12 ng Pebrero 1903.

Madali ang gawain, hindi ba? Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto nang makatiyak ka. May inihanda pang gawain para sa iyo kaya ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

## 4. Lagumin mo:

Isulat mo kung wasto ang mga bahaging may salungguhit. Kung mali., isulat mo ang wastong sagot. ito. Kumuha ka ng sagutang papel.

1. Sinulat ni Andres Bonifacio ang pag-ibig sa tinubuang lupa.
2. Pinamatnugutan ni Emilio Jacinto ang pahayagang Kalayaan.
3. Ang mga akda ni Apolinario Mabini ay hindi sadyang pangpanitikan kundi hinggil sa pulitika, pamahalaan, lipunan at pilosopiya.
4. Si Jose Corazon de Jesus ay isinilang sa Sta. Cruz, Maynila
5. Si Joseph Estrada ang panglabing tatlong pangulo ng bansa.
6. Pilit na sinulong ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo ang EVAT.
7. hindi malilimutan ng sambayan ang mga namayapang bayaning may magawa para sa bansa.
8. Siya ay naglaan nang mahabang panahon ng pagtuturo at pagsisikap na mapabuti ang kanyang buhay.
9. Masisinag sa akda ni Dr. Jose Rizal ang pagnanais niyang mapalaya ang bansa sa mga dayuhan.
10. Matutularan ba ng Filipino ang kahalagahang ito?

Kung tapos ka na, kunin mo na sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Pagkatapos, gawin mo ang kasunod na gawain.

## 5. Subukin mo

Panuto: Sumulat ka ng sarili mong kathambuhay. Lagyan mo ito ng mainam na simula at wakas. Kumuha ka ng hiwalay na papel na gagamitin mo sa kathambuhay na isusulat mo.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**IX. Gaano ka na kahusay?**

Pumili ka ng isang kilalang tao sa lipunan. Magsaliksik ka tungkol sa buhay niya at pagkatapos, sumulat ka ng kathambuhay niya. Isaalang-alang mo ang paggamit ng malaking letra na dapat mong gamitin pati ang wastong bantas. Tiyakin mo rin na ito ay may mainam na simula at wakas.

Panuto:

Kung tapos ka na, basahin mo nang tahimik ang iyong isinulat. Pagkatapos, ipabasa mo sa iyong guro upang malaman mo kung tama ang iyong ginawa.

Muli, binabati kita at natapos mo ang modyul na ito.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | 1 | | | | | | |
| | 2 | | | | | | | | | | | |
| | | | | | | 3 | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | | | 4 | | | | | | | | | |
| | 5 | | | | | | | | | | | |

**Susi sa Pagwawasto**
**Modyul Kathambuhay**

III- Anu-ano na angalam mo?

A.

| | |
|---|---|
| 1. J | 6. B |
| 2. D | 7. C |
| 3. A | 8. G |
| 4. I | 9. F |
| 5. H | 10. E |

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 6 | | | | B | | | | | | |
| | | | | | | | | | | | | |
| | 7 | | | | | 8 | | | | | | |
| | | | | | | 9 | | | | | | |
| | | 10 | | | | | | | | | | |

1. kasingkahulugan ng salaysay
2. Ang gunita
3. listahan
4. kapalaran
5. mga naganap sa buhay ng tao
6. pagkakamit ng mga nais sa buhay
7. ang pinaghahandaan ng tao
8. isang tunggali
9. laki
10. taglay ng tao

B. Mula sa mga nabuong salita, buuin ang nangingibabaw na kaisipan.